Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 15 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 351-T'2000*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING KAY G. FEDERICO PASCUAL, PANGULO AT PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA NG PASEGURUHAN NG MGA NAGLILINGKOD SA PAMAHALAAN (GSIS) LUNGSOD NG PASAY NA MAISAAYOS AT MAPABILIS ANG SISTEMA NG PAMAMAHALA SA PAGPAPAUTANG (LOAN) SA SANGAY NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA.*

*SAPAGKA'T,* sa dami ng mga nakikinabang ng inyong paglilingkod sa paraan ng pagpapautang (salary loan, policy loan at iba pa) ay lubhang lumatagal ang pagpo-proseso ng mga papeles upang mabilis na mai-release ang mga inutang ng mga kawani ng pamahalaan sa lalawigan ng Laguna;

*SAPAGKA'T,* marami ang umaasa sa mabilis na daloy ng paglilingkod na isinasaalang-alang ng inyong tanggapan upang matugunan ang mga pangangailangan sa oras ng kagipitan o pagdating ng anumang okasyon o pagdiriwang;

SAPAGKA'T, may mga nakakarating sa tanggapang ito (Sangguniang Bayan) na mga reklamo ukol sa maling inaasal ng mga tauhan ng GSIS, Laguna Branch, tulad ng pagiging masungit, hindi iginigiya kaagad ang mga aplikante sa tamang prosesong dapat nilang gawin, at iba pa;

SAPAGKA'T, may kaliluhan sa bahagi ng mga aplikante sa kung anu-ano ang mga dapat nilang gawin upang mapabilis ang proseso ng kanilang papeles.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jeffrey A. Villaseñor, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin kay G. Federico Pascual, Pangulo at Pangkalahatang Tagapamahala ng Paseguruhan ng mga Naglilingkod sa Pamahalaan (GSIS) Lungsod ng Pasay na maisaayos at mapabilis ang sistema ng pamamahala sa pagpapautang (loan) sa sangay ng Santa Cruz, Lalawigan ng Laguna.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito si G. Francisco Pascual, Pangulo at Pangkalahatang Tagapamahala, (GSIS), Lungsod ng Pasay at Kgg. Punong Bayan, bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
DOMINGO G. PANGANIBAN